



REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Tanggapan ng Kalihim
Office of the Secretary

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph
Website: <http://www.deped.gov.ph>

JUN 19 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 190 s. 2003

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2003

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2003 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2003 na pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang paksa ng pagdiriwang sa taong ito ay "**Wikang Filipino, pagyamanin; Wikang Vernakular, huwag limutin; Wikang Ingles, pagbutihin**".

2. Hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat linggo ang isang buwang pagdiriwang:

- Agosto 1-3 Ang Pagpapanatili ng Wikang Filipino, Vernakular at Ingles, sa Larangan ng Pandaigdigang Industrialisasyon at Teknolohiya;
- Agosto 4-10 Ang Pagpapahusay ng Filipino at Ingles, Pantulong ang mga Wikang Vernakular sa Larangan ng Pagtuturo;
- Agosto 11-17 Ang Pagkakakilanlan ng Wikang Vernakular, Maging Filipino at Ingles sa Preserbasyon ng Kultura;
- Agosto 18-24 Ang Pagpapalaganap ng Wikang Filipino, Vernakular at Ingles sa Larangan ng Tri-Media (Radyo, T.V. at Pahayagan); at
- Agosto 25-31 Ang Paggamit ng Wikang Filipino, Vernakular at Ingles sa Ugnayang Panlipunan at Pamahalaan.

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.
4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran: Blg. 125, s. 2002

Pamumudmod: 1-(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

**CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO**

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 190, s. 2003)

PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN
Buwan ng Wikang Pambansa 2003

Paksang diwa: *"Wikang Filipino, pagyamanin; Wikang Vernakular, huwag Limutin; Wikang Ingles, pagbutihin"*

Agosto 1-3 Ang Pagpapanatili ng wikang Filipino, Vernakular at Ingles, sa Larangan ng Industrialisasyon at Teknolohiya

1. Pangangalap ng mga bagong terminolohiya na gagamitin sa pakikipagtalastasang pambansa at pandaigdig.
2. Pagdaraos ng patimpalak sa pagsasalin sa Filipino tungkol sa pagbaybay ng mga terminolohiyang gamit sa teknolohiya ayon sa 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng wikang Filipino.
3. Pakikipagdayalogo o pagdaraos ng kumperensya ukol sa mabilisan at efisyenteng pakikipag-ugnayan sa mga karatig-pook o rehiyon tungkol sa makabagong kalakaran ng industrialisasyon.

Agosto 4-10 Ang Pagpapahusay ng Filipino at Ingles, pantulong ang Mga Wikang Vernakular sa Larangan ng Pagtuturo

1. Pagdaraos ng pambansang seminar-worksyap tungkol sa bagong kurikulum na ipatutupad alinsunod sa Kautusang inihayag ng Pangulo ng bansa sa paggamit ng wikang Ingles na ito ay dadaluhan ng mga superbisor sa Filipino, Puno ng Departamento ng Filipino sa mga Pamantasan/Universiti, edukador at guro.
2. Pagdaraos ng patimpalak sa mga paaralan tungkol sa pagsasadula sa interaksyon sa loob ng klasrum na binubuo ng kinatawan sa ibat ibang rehiyon ng bansa.
3. Pagdaraos ng pagsasanay tungkol sa paggamit ng Filipino sa mga korespondensya sa mga paaralan/universiti sa lahat ng rehiyon sa bansa.
4. Pagdaraos ng pambansang seminar-worksyap para sa mga guro sa lahat ng antas tungkol sa inovasyon ng pagtuturo sa wika.

Agosto 11-17 Ang Pagkakilanlan ng wikang Vernakular, maging Filipino at Ingles sa Preserbasyon ng Kultura

1. Pangangalap ng mga leksikon ng mga salita mula sa bawat rehiyon para sa pagbuo ng isang diksyunaryo ng wikang vernacular.
2. Pagdaraos ng paligsahan sa katutubong awit at sayaw sa mga Pamantasan/Universiti.
3. Pagdaraos ng patimpalak tungkol sa islogan ng bawat rehiyon na gamit ang wikang vernakular na may salin sa Filipino sa mga lokal na pamahalaan.
4. Pananaliksik ng mga di pa nalalathalang kuwentong-bayan, alamat at epiko na kumakatawan sa mga wikang vernakular.

Agosto 18-24 Ang Pagpapalaganap ng wikang Filipino, Vernakular at Ingles sa Larangan ng Tri-media (Radyo, T.V. at Pahayagan)

1. Pagdaraos ng media forum tungkol sa efisyenteng pagsulat ng mga artikulo/pabalita sa mga paaralan/universiti sa kani-kanilang rehiyon.
2. Pakikipag-ugnayan sa radyo at telebisyon para sa limang minutong (5) pagbo-broadcast ng paksa ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
3. Pagdaraos ng patimpalak tungkol sa pagsulat ng editoryal kaugnay ng paksa ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
4. Pagdaraos ng seminar-worksyap tungkol sa pagsulat ng iskript sa radyo at telebisyon sa mga pamantasan/universiti ng kani-kanilang rehiyon.
5. Pakikipag-ugnayan sa isa man lamang channel ng telebisyon para sa pagdaraos ng talakayan o forum tungkol sa paksa ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika na dadaluhan ng opisyal ng lokal na pamahalaan.

**Agosto 25-31 Ang Paggamit ng wikang Filipino, Vernakular at Ingles
Sa Ugnayang Panlipunan at Pamahalaan**

1. Pagdaraos ng patimpalak sa pagsulat ng korespondensya sa bawat rehiyon ng bansa na gamit ang kani-kanilang wikang vernakular na may salin sa Filipino.
2. Pagpapasulat sa mga mag-aaral nang formal at di formal na sanaysay tungkol sa paksa sa linggong ito.
3. Pagdaraos ng eksibit ng mga pangunahing produkto ng partikular na rehiyon na isponsor ng kani-kanilang mga lokal na pamahalaan.
4. Pagdaraos ng isang pagtitipon at pagpupulong ng mga mamamayan at pinuno ng bayan sa kani-kanilang rehiyon para sa malayang talakayan upang maiparating sa mga kinauukulan ang mga suliranin, iba pang isyu at mga programa na gamit ang wikang Filipino